Mensahe Lima

Mga Batong Buháy at Mga Tupa

Babasahin sa Kasulatan: 1 Ped. 2:4-5; Zec. 3:9; 4:10; Juan 10:11-16; Ezek. 34:11-31

I. Ang mga mananampalataya ay isinisimbolo ng mga batong buháy, yaong mga natransporma ng kalikasang bato ni Kristo upang maging espiritwal na bahay ng Diyos—1 Ped. 2:4-5:

A. Tayo, ang mga mananampalataya kay Kristo, ay mga batong buháy, katulad ni Kristo, sa pamamagitan ng pagkasilang na muli at transpormasyon; tayo ay nilikha mula sa luwad (Roma 9:21), subalit sa pagkasilang na muli ay tinanggap natin ang binhi ng dibinong buhay (1 Ped. 1:23-24), na sa pamamagitan ng paglago nito sa loob natin ay tinatransporma tayo tungo sa mga batong buháy:

1. Sa pagbabagong-loob ni Pedro, binigyan siya ng Panginoon ng bagong pangalan—Pedro—isang bato (Juan 1:42), at nang matanggap ni Pedro ang pahayag hinggil kay Kristo, higit pang inihayag ng Panginoon na Siya ang bato (Mat. 16:16-18).
2. Sa pamamagitan ng dalawang insidenteng ito, natanggap ni Pedro ang impresyon na kapwa si Kristo at ang Kanyang mga mananampalataya ay mga bato para sa pagtatayo ng Diyos—1 Ped. 2:4-5.

B. Si Kristo ang batong buháy, ang pundasyong bato, ang batong panulok, at ang pangulong bato sa pagtatayo ng Diyos; pagkatapos maipanganak ng Diyos, ang mga mananampalataya kay Kristo ay natatransporma tungo sa mga mahahalagang batong buháy para sa pagtatayo ng ekklesia bilang espiritwal na bahay ng Diyos—b. 4; 1 Cor. 3:11; Isa. 28:16; Gawa 4:11; Zec. 4:7; Juan 1:12-13, 42; 1 Ped. 2:5-7; 1 Cor. 3:12; Mat. 16:18.

C. Si Kristo bilang bato ay may pitong mata, na sumasagisag sa pitong Espiritu ng Diyos, ang pitong ulit na pinatinding Espiritu (Zec. 3:9; 4:10); ang pitong ulit na pinatinding Espiritu ay isinasagisag din ng pitong mata ng Kordero (Apoc. 5:6) at ng pitong ilawang apoy na nagliliyab sa harap ng trono ng Diyos (4:5):

1. Ang mga ilawan ay para sa pagliliwanag, pagsisiyasat, paghahantad, paghahatol, at pagsusunog, at ang mga mata ay para sa paglalalin; inilalalin ng pitong mata ang lahat ng kung ano ang Kordero-bato tungo sa ating katauhan upang gawin tayong Kanyang gintong patungan ng ilawan—Zec. 4:2-6, 11-14.
2. Ang paraan upang tayo ay maging mga batong buháy ay ang lumapit sa Kanya at makita Niya; habang nililiwanagan at hinahatulan tayo ng Panginoon, tinitingnan Niya tayo at inilalalin ang Kanyang sarili tungo sa atin para sa ating transpormasyon tungo sa Kanyang larawan; kailangan nating lahat na mapasailalim sa pagliliwanag ng pitong ilawan, pagtingin ng pitong mata, at pamamahagi ng buhay ng pitong ulit na pinatinding Espiritu.
3. Kapag si Kristo bilang ang batong buháy ng biyaya ng Diyos ay naibuo tungo sa ating katauhan sa pamamagitan ng ating subhektibong pagdaranas sa Kanya, Siya ay nagiging unan natin para sa ating kapahingahan upang gawin tayong haligi sa pagtatayo ng Diyos—Gen. 28:11-12, 17-19a; Zec. 4:7; Mat. 11:28-30; Juan 1:16-17, 51.

D. Sa kalaunan, ang sama-samang Kristo, si Kristo kasama ang Kanyang nananaig na kasintahang babae, ay darating bilang bato upang durugin ang kabuoan ng pantaong pamahalaan upang ipasok ang kaharian ng Diyos—Dan. 2:34-35; Joel 3:11; Apoc. 19:11-21; cf. Gen. 1:26:

1. Mula sa bibig ni Kristo ay lumalabas ang isang matalas na tabak, upang sa pamamagitan nito ay saktan Niya ang mga bansa—Apoc. 19:15a; cf. 1:16; 2:12, 16.
2. Upang mabuoan at maisama kay Kristo upang maging ang sama-samang batong pangwasak, ang Kanyang sama-samang mandirigma-mandaraig, kailangan natin ang pumapatay na salita na tumutuos sa kaaway; dapat nating ibasa-dalangin ang Salita upang maranasan ang tabak bilang pumapatay na instrumento—Efe. 6:17-18.

II. Ang mga mananampalataya ay isinisimbolo ng mga tupa, yaong mga nasa ilalim ng organikong pagpapastol ni Kristo—Juan 10:11-16; Awit 23:1; Mat. 9:36; Heb. 13:20:

A. Ang Panginoon Mismo ay dumarating bilang Pastol upang hanapin ang Kanyang mga tupa at puntahan sila—Ezek. 34:11-31; Luc. 15:3-7; Apoc. 7:17; Juan 21:15-17; 1 Ped. 2:25; 5:3-4.

B. Dinadala ng Panginoon ang Kanyang mga tupa sa kanilang sariling lupain at sa matataas na kabundukan; isinasagisag ng lupain si Kristo bilang ang mabuting lupain ng Canaan, at isinasagisag ng matataas na kabundukan ang nabuhay na muli at umakyat sa langit na Kristo—Ezek. 34:13-14; Col. 1:12.

C. Dinadala ng Panginoon ang Kanyang mga tupa pabalik sa mga batis, isinasagisag ang Espiritung nagbibigay-buhay, at pinakakain Niya ang Kanyang kawan sa tabi ng mga batis, isinasagisag ang Kanyang pagpapakain ng Kanyang kayamanan sa mga mananampalataya —Ezek. 34:13; Apoc. 22:1-2a; 1 Cor. 12:13; Awit 36:8.

D. Dinadala ng Panginoon ang Kanyang mga tupa pabalik sa mabuti at matabang pastulan, isinasagisag si Kristo bilang ating panustos-buhay, at pinahihiga sila, nagpapahiwatig na binibigyan Niya sila ng panloob na kapahingahan—Ezek. 34:14-15; Awit 23:2; Juan 10:9; Mat. 11:28-30.

E. Tinatalian ng Panginoon ang nabalian at pinalalakas ang maysakit; sa pamamagitan ng Kanyang pagkakandili at pagpapakain, sinasanhi Niya ang bawat mahinang tupa na maging magilas na kabayo sa pakikipaglaban—Ezek. 34:16a; Zec. 10:3; 11:7.

F. Nagsasagawa ang Panginoon ng mga matuwid na paghahatol upang alisin ang lahat ng di-makatarungang bagay sa gitna ng binawing bayan ng Diyos; ang Isa na nagpapakain sa atin at nagtutustos sa atin ay nagsasanhi sa atin na magkaroon ng tamang pandama hinggil sa ating relasyon sa iba; kapag mayroon tayong gayong pandama, hahatulan natin ang ating sarili, at bilang resulta, magkakaroon tayo ng tunay na kaisahan sa mga banal bilang isang kawan—Ezek. 34:17-22; Col. 3:15.

G. Si Kristo bilang ang tunay na David ay inilagay bilang Pastol upang pakainin tayo at sanhiin tayong mapunuan at masiyahan; pinangangalagaan Niya tayo, kasama ang lahat ng ating suliranin at responsabilidad at bawat aspekto ng ating pamumuhay; ang kinalabasan ng pangangalaga ng Panginoon sa atin bilang ating Pastol ay yaong sinusunod natin Siya bilang ating Hari at nagpapasailalim sa Kanyang pagkahari—Ezek. 34:23; Awit 23; Apoc. 7:17; 22:1-2a.

H. Habang nararanasan natin ang pagpapastol ng Panginoon at nananatili sa ilalim ng Kanyang pagkahari, natatamasa natin ang Kanyang tipan ng kapayapaan, na matibay at di-nagbabago, at hindi na napasasakop sa mga espiritwal na kaguluhan at paggagambala—Ezek. 37:24-28:

1. Sa ilalim ng Kanyang pagpapastol, ang lahat ng masasamang hayop, ang mga masasamang tao, ay inilalayo sa binawing bayan ng Panginoon—34:25a; cf. Gawa 20:28-29; Fil. 3:2-3.

2. Binabali ng Panginoon ang ating pamatok, inililigtas tayo sa pagkaalipin, at ipinapangako na hindi tayo sisilain ng kaaway kundi maninirahan sa kapayapaan at kaligtasan—Ezek. 34:25b, 27b-28.

I. Sa pamamagitan ng pagdaranas sa pagpapastol ng Panginoon, ang binawing bayan ng Diyos ay may presensiya ng Diyos, ang Diyos ay nasa gitna nila, at sila ay nasa harap ng Diyos; inilalarawan nito ang sakdal na salamuha sa Diyos—ang salamuha sa kaisahan—sa pagsasama ng Diyos at tao, kung saan tayo ay kaisa ng Diyos at Siya ay kaisa natin—bb. 30-31.

J. Sa pamamagitan ng Kanyang pagpapastol, dinadala tayo ng Panginoon tungo sa pagtatamasa ng Kanyang pagpapala at sinasanhi tayong maging pinagmumulan ng pagpapala sa ilalim ng ulan ng pagpapala—bb. 26-27a, 29; Gen. 12:2-3; Roma 15:29; 2 Cor. 1:12, 15; Zec. 10:1:
   1. Ang pagpapala sa Mga Bilang 6:23-27, tulad ng nasa 2 Corinto 13:14, ay ang walang hanggang pagpapala ng Tres-unong Diyos, na siyang Tres-unong Diyos na ipinamamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa loob natin para sa ating pagtatamasa.
   2. Upang matanggap ang pagpapala ng Panginoon, kailangan nating isagawa ang kaisahan, at ang pagsasagawa ng kaisahan ay ang isang puso't kaisipan—Awit 133; Efe. 4:3-4a; Gawa 1:14; 2:46; Roma 15:5-6.

© 2026 Living Stream Ministry